Pahayagan sa 10 Wika

# Mimitaro

Tagalog/タガログ語　☆Blg. 137 Oktubre 2020

Boluntaryong Grupo「Mimitaro」ng SIA
2F Piazza Oumi 1-1-20 Nionohama, Otsu City
Tel　:　077-523-5646
E-mail　:　mimitaro@s-i-a.or.jp
URL　:　http://www.s-i-a.or.jp/tl
:　https://www.facebook.com/siabiwako

## Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Sa isyung ito ng Mimitaro、Kinapanayam namin si Ginoong Edward Iwaskow（residente ng Otsu）Boluntaryong Bumbero.



Napangasawa ko ang aking asawa na haponesa noong siya ay nag aaral sa Canada, nagpasiya kami na pumunta ng Japan upang maranasang mamuhay dito, 14 na taon na nga pala ang nakakalipas. Nagtayo kami ng prankesang paaralan para sa English, nag-tutulungan kami sa mga gawaing bahay at sa pagpapalaki ng aming mga anak. Sa aming pamumuhay minsan nagkakaroon kami ng kunting di-pagkakaunawaan dulot ng pagkakaiba ng kultura na minsan nakakalito ngunit nalampasan din namin ito dahil sa pagbigayang- unawa sa pagkakaiba ng bawat kultura. Dagdag pa dito, mas lalo pang nakapagbigay kulay sa pamumuhay ko rito ay ang pagkakaroon ko ng magandang relasyon sa aking mga kapit bahay.

Mababait,palakaibigan na halos kalahating siglo ng nagtutulungan, nagkakaisang namumuhay ang aking mga kapitbahay. Bahagi din kaming mag anak sa komunidad na ito, kaya ginagawa din namin ang mga aktibidad na ipinapatupad rito. At isa sa mga ito ay ang paborito kong salihan na araw ng palakasan ng lokal na komunidad. Wala masyadong mga kabataang naninirahan sa lugar namin kaya isa kami sa mga miyembro sa lokal na grupo na hindi maaring mawala at pinagbubutihan din namin lahat bilang kapalit sa suportang aming natatanggap. At, sa tuwing nagkakaroon ng linis-bayanihan sa aming lugar natutuwa ang mga kapitbahay ko dahil sa katangkaran ko natutulungan ko silang linisin ang mga matatas na bahagi na mga istante,bintana at mga dalisdis. Habang nasa gawain kami, napansin ako ng isa sa mga kapitbahay ko at inalok niya akong “Ed bata ka pa,mabilis at mukhang malakas.Gusto mo bang sumali bilang boluntaryo sa kagawaran ng sunog? Dati na akong naging boluntaryong bumbero ng 4 na taon sa Canada noong ako ay18 taon gulang palang natuwa ako sa alok sa akin. At ngayon pang ika-10 na taon ko na bilang isang boluntaryong miyembro ng pang rehiyonal sa kagawaran ng sunog.

Karaniwan sa aming mga boluntaryong bumbero ay may kanya-kanyang ibang mga trabaho, subalit, sa panahon ng kalamidad kagaya ng sunog,lindol at bagyo tumutulong kami sa paggabay sa daan ng paglikas at pagligtas ng buhay. Kung kaya, kapag tuwing may panganib ng sunog o kalamidad na sitwasyon kailangan handa kaming tugunan kaagad ang anumang tawag pang emerhensiya. Ang iba ay ang karaniwang pagpapatrolya sakay ng bumbero sa lokal na komunidad, pagsasanay para sa paghahanda kung magkaroon ng sunog sa gubat at pagbisita sa mga bahay-bahay sa mga distrito upang ipaalam sa mga residente ang tungkol sa pag iwas sa sunog. kaya, hindi lang ang tungkol sa mga sentro ng lilikasan na lugar ang dapat alam ko kundi pati na rin ang lokal na komunidad at ang mga nakatira rito.

May kunting pagkakaiba ang mga nakatalagang tungkulin ng mga bumbero sa Canada at Japan. Nakatira ako sa ibayong kanayunan sa Canada na umaabot sa halos 30 minutos na biyahe sakay ng bangka at helicopter bago makarating sa kanayunan ang mga bumbero. Kung kaya, sa kaso ng sunog,aksidente,kawalan ng kuryente at kalamidad sa tubig nagiging nasa unahan sa pagtulong ang mga boluntaryong bumbero. Sa bahaging Japan naman ang kwalipikadong bumbero ang siyang may nakatuon na tungkulin, habang ang mga boluntaryong bumbero ay siyang sumusuporta dito. Ang boluntaryong bumbero ay hindi sumusuong sa sunog sila ay nakatoka lamang sa paghahanda sa pag ipon ng tubig at paggabay sa trapiko. Gayunpaman. Sa parehong bansa ang nakakaantig ng puso na kadahilanan sa mga gawain ng mga boluntaryong bumbero sa kagawaran ng sunog ay ang lubos na pakikipagtulungan ng bawat miyembro.

Pagkatapos makumpirmang natupok na ang sunog, ang mga tungkulin ng mga boluntaryong bumbero ay ang pagpatrolya ng 24 oras sa lugar ng pinangyarihan upang masegurado na patay na ang sunog, bilang miyembro ng grupo kailangan magpatrolya sa lugar ng pinangyarihan, maglaan ng oras kasama ang mga kamiyembro. Sa mga oras na iyon ang mga kapitbahay ay nagdadala ng pagkain kagaya ng instant noodles at cookies kapalit ng aming serbisyo. Pambihira ang malawak na pang unawa at pakikisama ng mga tao pagkatapos ng sunog. Namangha din kami nang makatanggap kami ng diyaryo sa madaling araw at mabasa dito ang ipinahayag na pangyayari sa sunog na ipapahayag sa pang umagang diyaryo.

Maliban sa pagiging boluntaryong miyembro ng bumbero,isa din akong miyembro ng samahan ng lokal na komunidad at PTA. Kahit na boluntaryo lamang ito ang palakad ng mga aktibidad ay mahirap pamahalaan dahil hindi ka pupuwedeng tumanggi sa mga pagkakataon kahit na ikaw ay may maraming gawain, na nakapagbibigay ng mabigat na pasanin sa mga miyembro nito, dagdag pa diyan kahit na papaunti na ang mga miyembro nito ikumpara noon, lahat ng grupo ay sinusunod pa rin ang parehong paniniwala. Kung kaya sa kasalukuyang sitwasyon” halos lahat ayaw ng gawin ito, ngunit walang magawa na mabago ito dahil ito na ang nasimulan na. “Ang Japan ay may kultura bilang matiisin,isang konserbatibong kultura, na may aspeto ng kaugalian na ipapasa ito mula sa mga susunod na mga henerasyon,ngunit depende sa sitwasyon, importante din na maging maluwag o maibabagay sa pangyayari tungo sa pagbabago.

Bilang miyembro ng aking pinakakamahal na komunidad, nais kong tuluyang maipagpatuloy sana ang pagtutulungan ng bawat isa at mamuhay ng masaya.



# Pangunahing suporta para sa mga apektado ng bagong COVID-19

Ang Prepektura at ang Pambansang Pamahalaan ay nagpatupad ng ibat ibang mga pangunahing hakbangin tugon doon sa mga apektado ng COVID-19. Sa ibaba ang listahan ng mga pangunahing hakbang bilang suporta na idinulog sa Sentro ng impormasyon sa mga dayuhang residente ng Shiga. Para sa mga detalye, sundan lamang po ang pamphlet ng Kagawaran ng Pang-Kalusugan Paggawa at kagalingan panlipunan at ang mga listahan ng mga suportang hakbang mula sa Pangprepekturang pamahalaan at Pang-gobyernuhang pamahalaan ng Shiga.

- Gabay sa suportang pangkabuhayan （MHLW）（Sa kasalukuyan Hulyo 16,2020）
- Residente ng Shiga・Mga negosyante（Prepektura ng Shiga）( Sa kasalukuyan Agosto 20, 2020)

## ① Espesyal na benepisyo sa mga solong magulang na sambahayan na mababa ang kita (Teishotoku hitori-oya-setai -rinji-tokubetsu-kyufukin)

| | |
|---|---|
| Naangkop na makakatanggap ng sustento | Para doon sa saklaw ng mga sumusunod:<br>①Para doon sa tumangap ng suportang sustentong pang-bata (Jidou- fuyu -teate) sa buwan ng hunyo<br>② Para doon sa tumatanggap ng Pampublikong-suporta at kabuuang halaga ng suportang sustentong-pambata(Jidou-fuyu-teatte) sa buwan ng Hunyo, 2020 ay suspendido(Itinigil)<br>③Mga sambahayan na nakaranas ng biglaang pagbabago ng kalagayang pinansiyal dulot ng COVID-19 at ang kita ay nasa parehong antas sa mga sambahayan na tumatanggap ng suportang sustento pang-bata (Jidou-fuyu-teate)<br>※ Ililipat ang matatanggap na benipisyo sa buwan ng agosto doon sa account ng mga sambahayan na tumutugma sa①. At Para sa②at ③ kailangan nito ng aplikasyon. |
| Karagdagang sustento | Para doon sa tumutugma sa ①at ②sa itaas ay pupuwedeng mag apply para sa isahang- beses lang na karagdagang benipisyo. (Sambahayan na nakaranas ng biglaang pagbabago ng kalagayang pinansiyal dulot ng COVID-19.) |
| Matatanggap na halaga | Karaniwang halaga ：50,000yen/Sambahayan,at karagdagan na 30,000yen sa bawat dagdag na bata<br>Karagdagang sustento ：50,000yen/Bawat sambahayan |
| Aplikasyon | “Espesyal na benipisyo para sa solong magulang” (Sangay ng suportang sustentong-pambata )<br>sa nasasakupang munusipyo ng bayan o lungsod. （Palugit na araw Pebrero 28,2021） |

## ② Tulong-pinansiyal para sa nakapirming halaga(sa mga nagpapatakbo ng negosyo) (Jizokuka-kyufukin)



| | |
|---|---|
| Naangkop | Bumaba ang isang buwan na kita ng 50% kumpara sa kita sa parehong buwan sa nakaraang taon dulot ng COVID -19 |
| Halagang Benepisyo | 2 Milyon yen para sa korporasyon, 1 Milyon yen para sa mga indibiduwal na negosyante<br>※Pinakamataas na halaga ng benepisyo ay ang kabubuang halaga ng ibinabang kita mula sa nakaraang taon |
| Aplikasyon | “Tulong-pinansiyal para sa nakapirming halaga” Aplikasyon sa online https://www.jizokuka-kyufu.jp<br>(Palugit na araw Enero 15,2021) |

## ③ Pundong- tulong-pinansiyal at ayuda para sa mga naantala sa trabaho dulot ng COVID-19 (Kyuugyoushienkin)


| | |
|---|---|
| Naangkop | Para doon sa tumutugon sa 2 kondisyon<br>① Para doon sa mga mangagawang sa mga ng maliit at katamtamang pangkabuhayan na inatasan ipagpaliban ang pagpasok sa trabaho mula sa pagitan ng Abril 1 hanggang septyembre 30, 2020 .<br>② Para doon sa mga hindi nakatanggap ng kanilang sahod habang lumiban sa trabaho(Kyugyou-teate). |
| Benepisyo | 80% ng sahod bago lumabas sa trabaho（Pinakamataas na buwanang pagbayad ng 330,000yen） |
| Aplikasyon | https://www.mhlw.go.jp/content/11600000/000646893.pdf （Porma ng aplikasyon ）<br>https://www.mhlw.go.jp/content/11600000/000655251.pdf （Pamamaraan ng aplikasyon sa Koreo ） |

### ④Jukyokakuho-kyufukin (Benipisyong-pabahay ,babayaran ang renta deretso sa may ari )



| | |
|---|---|
| Naangkop | Sa loob ng 2 taon pagkaalis sa trabaho・pagsara ng kabuhayan, o kaya pagbaba ng kita dulot ng pagkaantala ng trabaho, na may kaparehong kondisyon katulad doon sa mga umalis sa trabaho |
| Panahon pagbayad | 3 Buwan ayon sa tuntunin（Pinakamataas hanggang sa 9 na buwan） |
| Halagang ibabayad | Halagang katumbas sa renta at deretsong ibabayad ng mumusipyo doon sa may ari. |
| Aplikasyon | Sa bawat munusipyo ng lungsod para sa mga nakatira sa mga lungsod.Sa bawat social welfare council ng bawat bayan kung saan nakatira |
| Detalye | https://www.mhlw.go.jp/content/000630855.pdf |

### ★ Tanggapan ng pansamantalang pagtira sa mga pabahay ng Prepektura



| | |
|---|---|
| Naangkop | Para doon sa mga natanggal sa trabaho dulot ng epekto ng COVID-19 at walang ibang mapagpipilian kundi umalis sa kanilang mga tinitirahan. |
| Panahon ng paglipat | Pinakamahaba ang 1 taon |
| Aplikasyon | Sangay ng pam-prepekturang pabahay,Kagawaran ng pampublikong pagawain at transportasyon (Tel 077-528-4234) |

**★ kung may mga katanungan patungkol sa pangkabuhayan, huwag mag atubiling sumangguni ! sa sangay ng pangkagalingan at sa tanggapan ng pangkagalingan panlipunan sa inyong lungsod o bayan.**

## Gabay ng sanggunian para sa COVID-19・Konsultasyon sa Doktor



### Para doon sa may mga sintomas

| Sintomas | Kontakin/Sumanggguni |
|---|---|
| ● Kinakapos ng hininga（Nahihirapan sa paghinga ）kapaguran(sobrang pagod),mataas na lagnat, at iba pa.<br>※Magkakaiba ang nararamdaman na sintomas ng bawat isa.Komunsulta kaagad kung sa palagay ninyo may malubhang sintomas.<br>● May mga banayad na sintomas katulad ng lagnat at ubo.<br>※Sa mga nagdadalang-tao,matatanda,mga taong sumasailalim ng dialysis,komunsulta kaagad kung gumagamit kayo ng gamut para sa sistemang (Imyuno-pananggalang at kontra-kanser,at kung lumampas ng 4 na araw ang sintomas seguraduhing komunsulat kaagad. | Ordinaryong-araw<br>Pangunahing lunas na doktor<br>※**Seguraduhing tumawag muna bago pumunta**<br><br>**Mga huling araw ng linggo at walang pasok/Gabi**<br>Jushin Soudan center （Nars・Public health nurse）<br>Sa Prepektura ng Shiga（maliban sa otsu）<br>Tel 077—528 – 3621<br>Otsu Public Health Office<br>Tel 077 – 526 - 5411（Araw-araw 8 : 40am ~ 8 : 00pm）<br>Tel 080 - 2409 - 1856（Araw-araw 8:00 pm ~ 8:40 am sunod na araw） |

### Para doon sa mga taong walang anumang sintomas ngunit nag aalala/nababahala

Mga panukala patungkol sa pag iwas/kontra impeksiyon sa loob ng pamamahay,rehiyon, lugar ng trabaho at iba pa.
Pangkalahatan Konsultasyon sa Telepono (Nurse・Public health nurse)

| | | |
|---|---|---|
| Tanggapan ng konsultasyon Prepektura ng Shiga | Tel 077- 528- 3637 | ( Araw-araw 8:30 am ~ 5:15 pm ) |
| Otsu Public Health Office | Tel 077- 522- 7228 | ( Ordinaryong-araw 8:40 am ~ 5:25 pm ) |

※Para sa suporta sa ibat ibang wika,makipag-ugnayan lamang sa tanggapan ng Sentro ng Impormasyon para mga dayuhang residente ng Shiga (SIA)（Tel 077- 523- 5646）

# PAHAYAGAN MIMITARO

## Balita tungkol sa Pambansang Sensus

- Simula ika-1 ng Oktubre, 2020 ang lahat ng kasalukuyang naninirahan sa Japan ay sasailalim sa pambansang sensus
- Mula kalagitnaan sa buwan ng Septyembre ipapadala sa lahat ng mga sambahayan ang palatanungan para sa pagsisiyasat mula sa tagapagsuri/tagapagsurbeyo.
- Dahil kompulsaryo ang pagsagot sa surbeyo, para sa mga hindi pa nakakasagot ipapaalam ito sa inyo at bibigyan kayo ng panibagong palatanungan upang inyong sagutan obligasyon po ang pagsagot dito,seguraduhing sagutan ito.
- Para sa inyong mga katanungan puwede ninyong tawagan ang call center ng Pambansang Sensus. May nakahandang serbisyo sa ibat ibang wika (Tel: 0570 - 07 - 2020 )
- Para sa karagdagang detalye pakitingnan ang nasa ibabang sayt.

国勢調査２０２０
https://www.kokusei2020.go.jp/

## Gamitin natin itong abiso sa pakikipag-ugnay sa mga nahawaang tao

### ★ App na nagkukumpirma kung nagkaroon ng malapitang-ugnayan sa taong may impeksiyon sa COVID-19, COCOA.

Sa pamamagitan ng paglagay/install ng App sa inyong smartphone, maari mong malaman kung nagkaroon ka ng malapitang- pakipag-ugnayan sa taong nagpositibo sa COVID-19, habang mapangagalagaan ang pribasiya, maari ka rin makatanggap ng kaagarang suporta para sa pagsusuri mula sa Sentro ng Pampublikong kalusugan.

ang

### ★ Moshi-Sapo Shiga

Mababasa ang QR code na nakapaskil sa mga pasilidad o sa mga lugar ng kaganapan sa loob ng prepektura ng shiga maari kang makatanggap ng paalalang mensahe mula sa prepektura upang malaman ang mga taong nagpositibo na nagpunta sa parehong lugar at petsa .

## Maging wais sa pamimili gamit ang programang “Myna-Pointo” upang makakuha ng diskuwento!

Kung kukuha at magpapareserba ng My-number card.mag apply ng My-number Point Program, makakatanggap ka ng pinakamataas na puntos na nagkakahalaga ng 5000 yen (25% na bigay na diskuwento) para sa paggamit ng serbisyong cashless sa pamimili.

• Mabibigyan din ng karagdagang puntos na nagkakahalaga ng 1000 yen kung gagamitin ito sa pamimili sa loob ng Prepektura.
Hangganan na araw ng Aplikasyon：Marso 31, 2021

Info Pangkalahatang Katanungan ukol sa My Number
TEL 0120 - 95 - 0178
TEL 0120 - 0178 - 26 （Inglis,Intsek,Koreano,Kastila,Portugal）

## Pahayag ukol sa Pagsasanay



### ★ Pagsasanay para sa mga Care Giver sa Prepektura ng Shiga (Nursing care staff training)

Ipapatupad sa Prepektura ng Shiga ang pagsasanay para sa mga dayuhan na naglalayon matuto ng mga pangunahing kaalaman sa kasanayang pang-teknikal sa pangangalaga, na magagamit sa trabaho sa mga pampaalagaan kagaya sa mga pasilidad ng pangalagaan (nursing home).

Panahon: Nobyembre 1, 2020 ~ Marso 20, 2021
Lugar: Day Service Center Tenmaya (Higashiomi-shi)
Buod: Pagsasanay bilang mga baguhang care giver
Pupuwedeng lumahok: Mga dayuhang may pangmatagalang bisa na nakatira sa Shiga,mga nais magtrabaho bilang caregiver.
＊Matrikula(Libre) Sariling bayarin ang Text book/Aklat
Info NPO Karaku Tel 0748 - 36 - 2112

### ★ Suporta sa pag aaral para sa kursong pang-trabaho sa mga (Teijusha/ long-term residents) Wikang Hapon sa Trabaho (Lebel 1)

- Higashiomi shi — Notogawa Community Center, Oktubre 19, 2020 ~ Pebrero 10, 2021
- Hino-cho — Hinocho Ringyo Center, Nobyembre 16 ~ Marso 12
- Moriyama-shi — Istasyon ng Moriyama sa General Information Community Hall, Nobyembre 4 ~ Enero 27

Aplikasyon：Sa bawat nasasakupang distrito ng Hellowork

## Mga klase ng mga iginagawad na Iskolarship

Seguraduhing itsek ng maaga ang mga impormasyon patungkol sa mga Iskolarship para sa pagpasok sa mga unibersidad at mga pang-teknikal na paaralan!, May mga iginagawad na iskolarship na hindi na kailangan bayaran at mga iskolarship na iginagawad para sa mga bayarin sa pagpasok sa paaralan/pagkalibre sa bayarin sa matrikula/at pagbawas sa bayarin sa matrikula sa mga sambahayan na dumaranas ng pinansiyal na problema.

Info Japan Service Student Organization (JASSO)

---

**Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga**
(Shiga Intercultural Association for Globalization)

Bilang karagdagan, maliban sa pang araw-araw na pamumuhay na konsultasyon,tumatanggap din po kami ng patungkol sa legal na konsultasyon

TEL: 077-523-5646 Fax：077-510-0601
E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp

---

*Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa Buwan ng Enero*